RESOLUSYON BLG. 4
KAUTUSAN BLG. 4

KAUTUSAN NA NAG-AATAS SA MGA NAMIMILI AT NAGBIBINTA NG SARIWA O' BISLAD NA ISDA SA BAYANG ITO, NA MAGBAYAD NG LISENSYA SA INGAT YAMAN O' SA KANYANG AWTORISADONG MGA KAWANI BAGO MAGSASAGAWA NG NASABING NEGOSYO

SEKSYON 1. Ang lahat ng namimili ng isda (Fish Dealer) saan man silang lugar namimili ng nasabing isda subalit naninirahan sa Bayan ng Bulalacao at iniluwas ito sa ibat ibang lugar ay kailangang magbayad ng Lisensya sa Tanggapan ng Ingat Yaman ng bayang ito bago magsagawa ng nasabing negosyo;

SEKSYON 2. Ang pagbabayad ng Lisensya ng sinu-mang Fish Dealer ay batay sa naitakda sa ibaba nito:

| | | PER ANNUM |
|---|---|---|
| 1. | Application Fee | ₱ 20.00 |
| 2. | Mayor's Permit | 50.00 |
| 3. | Business Tax-Fish Dealer | 1,190.00 |
| 4. | Medical and Sanitary Fee | 10.00 |
| 5. | Service Fee | 10.00 |
| | T O T A L | 1,280.00 |

SEKSYON 3. Ang sinu-mang maglabag sa Kautusang ito ay magmumulta ng halagang ₱1,000.00 at mamimilanggo ng anim (6) na buwan o' alin ma sa pasya ng Hukuman;

SEKSYON 4. Kautusan o' mga Kautusan na salungat sa kautusang ito ay pinawawalan na ng bisa;

SEKSYON 5. Ang Kautusang ito ay magkakaroon ng bisa 10 araw matapos pinagtibay;

SA MUNGKAHI ni Kagawad Nemito Ambong at pinangalawahan ni Kagawad Pangabiban Mayott ang kautusang ito ay . . .

PINAGTIBAY NG LAHAT:

(SGD) EDUARDO A. BURUANGA
Kalihim ng Bayan

CERTIFIED TRUE AND CORRECT:
DECEMBER 3, 1992

SIXTO O. BARRIENTOS
Municipal Secretary

REMARKS: Repealed by the Revised Tax Code, 1992 of Bulalacao, Oriental Mindoro



Scanned with CamScanner